- Isang paglalarawan ng (mga) pinaghihinalaang kilos ng diskriminasyon nang may sapat na detalye upang bigyang-daan ang ODEO na maunawaan kung ano ang naganap, kalian ito naganap, at ang batayan para sa pinaghihinalaang diskriminasyon (lahi, kasarian, kulay, bansang pinagmulan, kapansanan, relihiyon, edad, sekswal na oryentasyon, at katayuan bilang magulang).

## Iba Pang Mahalagang Impormasyon sa Paghahain ng Reklamo

Hindi maaaring gumanti ang NASA sa sinumang taong nagreklamo, tumestigo, tumulong, o nakilahok sa anumang paraan sa isang pagsisiyasat o proceeding sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap. Ang sinumang indibidwal na naghahain ng reklamo sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160 o ng alinman sa mga panuntunan sa pagpapatupad nito ay maaaring ikatawan at tulungan sa lahat ng yugto ng mga proceeding na ito ng isang abugado o kinatawan na kanyang pinipili. Mayroong pananagutan ang isang indibidwal na agarang magbigay-alam sa ahensya kung pinapahintulutang manatili ang isang legal counsel. Bukod pa rito, mayroong obligasyon ang isang indibidwal na abisuhan ang ODEO kung nais niyang magsali ng sinumang iba pang kinatawan sa mga proceeding na ito. Pananagutan ng nagrereklamo na ibigay sa ODEO ang pangalan, address, at numero ng telepono ng sinumang abugado o iba pang kinatawan. Bukod pa rito, pananagutan pa rin ng nagrereklamo na ipaalam sa ODEO ang anumang mga pagbabagong may-kaugnayan sa katayuan ng kanyang legal at/o nonlegal na kinatawan sa anumang proceeding sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap o ng alinman sa mga panuntunan sa pagpapatupad nito.

## Saan Ipapadala ang Iyong Reklamo

Maaari kang magpadala ng sulat ng reklamo sa diskriminasyon sa tanggapan ng NASA Agency Diversity and EO sa:



**National Aeronautics and Space Administration (NASA) Headquarters**
**Office of Diversity and Equal Opportunity**
300 E St., SW
Suite 4W39
Washington, DC 20546
202-358-2167
TDD: 202-358-3748

Maaari ka ring magpadala ng sulat ng reklamo sa diskriminasyon sa alinman sa mga sumusunod na NASA Component Facility:

**NASA Ames Research Center**
**Office of Diversity and Equal Opportunity**
Mail Code 19-5
Moffett Field, CA 94035-1000
650-604-6510

**NASA Dryden Flight Research Center**
**Office of Diversity and Equal Opportunity**
Mail Code D-1023
P.O. Box 273
Edwards, CA 93523-0273
621-276-3033

**NASA Glenn Research Center**
**Office of Equal Opportunity Programs**
Mail Stop 500-311
21000 Brookpark Rd.
Cleveland, OH 44135
216-433-2323

**NASA Goddard Space Flight Center**
**Office of Equal Opportunity Programs**
Mail Code 120
Greenbelt Rd.
Greenbelt, MD 20771-0001
301-286-7348

**NASA Headquarters**
**Office of Equal Opportunity and Diversity Management**
300 E St., SW
Suite 4F39
Washington, DC 20546-0001
202-358-1098

**NASA Jet Propulsion Laboratory**
**Employee Relations Office**
Mail Code T1720-D
4800 Oak Grove Drive
Pasadena, CA 91109
818-354-5789

**NASA Johnson Space Center**
**Office of Equal Opportunity and Diversity**
Mail Code AJ
Houston, TX 77058-3696
281-483-1098

**NASA Kennedy Space Center**
**Office of Diversity and Equal Opportunity**
Mail Stop AJ
Kennedy Space Center, FL 32899
321-867-9175

**NASA Langley Research Center**
**Office of Equal Opportunity Programs**
Mail Code 378
Hampton, VA 23681
757-864-3290

**NASA Marshall Space Flight Center**
**Equal Opportunity Office**
Mail Code CE01
Marshall Space Flight Center, AL 35812
256-544-2411

**NASA Stennis Space Center**
**Office of Equal Opportunity**
Mail Code AA00
Stennis Space Center, MS 39529
228-688-2079

**NASA Wallops Flight facility**
**Equal Opportunity Programs Office**
Mail Stop 120
Wallops Island, VA 23337
757-824-1412

## Pagkuha ng Karagdagang Impormasyon sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160

Nagbigay ang U.S. Department of Justice ng dokumento ng gabay sa patakaran sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160. Maaaring makuha ang mga kopya ng dokumentong ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Coordination and Review Section ng Kagawaran (Department) sa 202-514-1000 o sa pamamagitan ng pag-access sa Web site nito sa Internet sa ***http://www.usdoj.gov/crt/cor/13160.htm.***

National Aeronautics and Space Administration



# Pagbabawal sa Diskriminasyon at Pantay-pantay na Pagkakataon sa Mga Programa at Aktibidad sa Edukasyon at Pagsasanay na Isinasagawa ng NASA (Nondiscrimination and Equal Opportunity and in NASA Conducted Education and Training Programs and Activities):

**Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160**

Edukasyon (Education)

Office of Diversity and Equal Opportunity

www.nasa.gov

# Kautausang Tagapagpaganap (Executive Order) Blg. 13160

## Ano ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160

Ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160, "Pagbabawal sa Diskriminasyon Batay sa Lahi, Kasarian, Kulay, Bansang Pinagmulan, Kapansanan, Relihiyon, Edad, Sekswal na Oryentasyon, at Katayuan bilang Magulang sa Mga Programa sa Edukasyon at Pagsasanay na Pederal na Isinasagawa" ("Nondiscrimination on the Basis of Race, Sex, Color, National Origin, Disability, Religion, Age, Sexual Orientation, and Status as a Parent in Federally Conducted Education and Training Programs") ay ibinigay noong Hunyo 23, 2000.

Ang layunin ng Kautusang Tagapagpaganap ay tiyakin ang pagkakaroon ng pantay-pantay na pagkakataon sa lahat ng programa sa edukasyon at pagsasanay na Pederal na isinasagawa. Binuo ito sa ideya na dapat manindigan, kahit papaano, ang pamahalaang Pederal sa parehong mga prinsipyo ng pagbabawal sa diskriminasyon sa mga pagkakataon sa edukasyon tulad nang pagpapatupad dito sa mga programa at aktibidad na pang-edukasyon ng mga tumatanggap ng tulong pinansyal na Pederal, gaya ng mga pamantasan at kolehiyo.

Ang utos ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160 ay malinaw: tiyakin na ang lahat ng indibidwal, ano pa man ang kanilang lahi, kasarian, kulay, bansang pinagmulan, kapansanan, relihiyon, edad, sekswal na oryentasyon, at katayuan bilang magulang, ay mayroong pantay-pantay na pagkakataong makilahok sa, i-enjoy ang mga pakinabang ng, at hindi makaranas ng diskriminasyon sa mga programa sa edukasyon at pagsasanay na Pederal na isinasagawa.

## Ano ang "Mga Programa sa Edukasyon at Pagsasanay na Pederal na Isinasagawa"?

Ang mga programa sa edukasyon at pagsasanay na pederal na isinasagawa na nasasaklawan ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160 ay kabibilangan ng mga long-term at pormal na institusyong pang-akademya na sino-sponsor ng pamahalaan pati na rin ng mga short-term na programa sa pagsasanay. Sa NASA, ang mga halimbawa ng mga programa at aktibidad sa edukasyon at pagsasanay na Pederal na isinasagawa ay maaaring kabilangan ng Fellowship Program ng NASA Administrator at ng summer internship program ng NASA Headquarters.



## Mga Halimbawa ng Ipinagbabawal na Diskriminasyon

Ang mga ipinagbabawal na diskriminasyon sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160 ay maaaring magkaroon ng maraming iba't ibang anyo kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

- Pagpili o pagkabigong pumili ng indibidwal na lalahok sa isang programa sa edukasyon at pagsasanay na Pederal na isinasagawa na nasasaklawan sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap dahil sa kanyang pinoprotektahang katayuan (tumutukoy ang terminong "pinoprotektahang katayuan" sa siyam na pinoprotektahang katangian na siyang paksa ng Kautusang Tagapagpaganap: lahi, kasarian, kulay, bansang pinagmulan, kapansanan, relihiyon, edad, sekswal na oryentasyon, at katayuan bilang magulang).
- Pagtanggi sa isang indibidwal na mabigyan ng anumang tulong, benepisyo, o serbisyong inaalok nang may-kaugnayan sa isang programa sa edukasyon na Pederal na isinasagawa dahil sa kanyang pinoprotektahang katayuan.
- Pagtatalaga sa isang indibidwal sa isang partikular na programa o aktibidad sa edukasyon o pagsasanay, o sa isang partikular na proyekto, dahil sa kanyang pinoprotektahang katayuan.
- Sekswal na panghaharas (isang anyo ng diskriminasyon batay sa kasarian).
- Pagkabigong magsagawa ng mga makatwirang hakbang upang tiyakin ang makabuluhang paglahok sa programa para sa mga indibidwal na may limitadong kahusayan sa wikang Ingles (anyo ng diskriminasyon sa bansang pinagmulan).
- Pagkabigong magpakita ng makatwirang pagtanggap para sa mga paniniwala sa relihiyon ng isang indibidwal (isang anyo ng diskriminasyon batay sa relihiyon).

## Ugnayan sa Mga Legal na Kinauukulang Sumasaklaw sa Pederal na Pagtatrabaho

Sinasaklawan ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160 ang lahat ng indibidwal na may kinalaman sa mga programa sa edukasyon at pagsasanay na Pederal na isinasagawa. Ang mga Pederal na empleyadong nasasaklawan ng Kautusang Tagapagpaganap alinsunod sa kanilang pakikilahok na kaugnay ng pagtatrabaho sa mga programa sa edukasyon na Pederal na isinasagawa ay pinoprotektahan na sa ilalim ng maraming umiiral nang batas sa Pantay-pantay na Pagkakataon sa Pagtatrabaho (Equal Employment Opportunity o EEO), regulasyon at Kautusang Tagapagpaganap

Bilang isang praktikal na usapin, ang pagpapatupad ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160 sa isang Pederal na empleyado ay magdedepende sa kung kaugnay ng pagtatrabaho o hindi ang kanyang pakikilahok sa pinag-uusapang programa sa edukasyon. Kung kaugnay ng pagtatrabaho ang pakikilahok, masasaklaw ang empleyado ng umiiral nang batas pati na rin ng Kautusang Tagapagpaganap. Kung hindi kaugnay ng pagtatrabaho ang programa, masasaklaw ang empleyado sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap ngunit hindi ng mga umiiral nang batas.

Halimbawa, kung makikilahok ang isang empleyado ng NASA sa isang programa sa pagsasanay na isinasagawa ng Kagawaran ng Hustisya (Department of Justice o DOJ), maaaring piliin ng empleyado na maghain ng claim sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160 nang direkta laban sa DOJ kung hindi niya pipiliin, o hindi niya magagawa, na i-apela ang mga umiiral nang batas at regulasyon ng EEO sa NASA.

## Tanggapan ng Pagkakaiba-iba at Pantay-pantay na Pagkakataon (Office of Diversity and Equal Opportunity) ng NASA

Sa loob ng NASA, ang Tanggapan ng Pagkakaiba-iba at Pantay-pantay na Pagkakataon (Office of Diversity and Equal Opportunity o ODEO) ay ipinapataw kasama ng mga ipinapatupad na batas sa mga karapatang sibil, regulasyon, at Kautusang Tagapagpaganap upang protektahan ang mga karapatan ng mga empleyado ng NASA at mga tumatanggap ng benepisyo (mga beneficiary) ng mga programa o aktibidad na tinutulungan o isinasagawa ng NASA. Sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160, ang sagutin ng ODEO ay tumanggap, magsiyasat, at pagpasyahan ang mga reklamong naghihinala ng diskriminasyon sa mga aktibidad sa edukasyon at pagsasanay na isinasagawa ng NASA at tiyaking ang lahat ng indibidwal na may-kinalaman sa mga programa sa edukasyon at pagsasanay na Pederal na isinasagawa ay nakakaalam sa utos laban sa diskriminasyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 13160.

## Paghahain ng Reklamo sa Diskriminasyon

### Sino ang Maaaring Maghain ng Reklamo?

Ang sinumang taong naniniwalang naging biktima ng isang paglabag sa Kautusang Tagapagpaganap o sa mga panuntunan sa pagpapatupad nito ay maaaring, personal na o sa pamamagitan ng isang kinatawan ay, maghain ng nakasulat na reklamo sa ahensyang pinaniniwalaan ng tao na lumalabag sa Kautusang Tagapagpaganap o sa mga panuntunan sa pagpapatupad nito. Dapat na ihain ang isang reklamo sa loob ng 180 araw ng pinaghihinalaang diskriminasyon. Maaaring pahabain ng ODEO ang limitasyon sa oras na ito para sa mga sumusunod na dahilan:

a. Kung maipapakita ng nagrereklamo na wala siyang abiso ng limitasyon sa oras at wala siyang alam tungkol dito; o

b. Kung maipapakita ng nagrereklamo na pinipigilan siya ng mga sitwasyong wala sa kanyang kontrol na isumite ang reklamo sa oras; o

c. Para sa iba pang mga dahilan, o sa ilalim ng iba pang mga sitwasyon, na itinuturing na sapat ng ODEO.

Dapat tandaan na ang mga empleyado ng NASA na naghahain ng mga reklamo sa diskriminasyon na nauugnay sa pagtatrabaho sa NASA ay dapat sumunod sa mga kinakailangan sa paghahain ng reklamo sa ilalim ng naaangkop na legal na kinauukulan (ibig sabihin., Titulo VII, Seksyon 501, ang Age Discrimination in Employment Act).

### Ano ang Isasama sa Iyong Reklamo?

Ang sinumang nagnanais na maghain ng pormal na reklamo sa ODEO ay dapat na magsumite ng sumusunod na impormasyon nang nakasulat:

- Ang iyong pangalan, address, at lagda (makakatulong ang isang numero ng telepono kung saan maaaring makipag-ugnayan sa iyo sa mga araw na may pasok, ngunit hindi pinipilit na magbigay);
- Kung naganap ang pinaghihinalaang kilos ng diskriminasyon sa isang programa sa edukasyon o pagsasanay na Pederal na isinasagawa at kung kaugnay ng Pederal na pagtatrabaho ang pinaghihinalaang kilos ng diskriminasyon;
- Ang pangalan at lokasyon ng NASA installation na nakagawa ng mga pinaghihinalaang kilos ng diskriminasyon; at

